Tagalog

Vol.47 | 2025.03

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



## "I-enjoy natin ang mga cherry blossom sa Ota!"




### Magome Bunshimura Grand Cherry Blossom Festival

Bukod sa Japanese folk dancing (Nagashiodori), Awa dancing (Awaodori), at Haiku poetry contest, mayroon ding mga snack bar na ikatutuwa ng kahit sino.

- Abril 6, 2025 (Linggo) 12:00 pm – 4:30 pm
  Matutuloy kahit umulan
- Sakuranamiki Park, Sakura-Namiki Dori, Magome
  Paligid ng 4-48 hanggang 6-11 Minami-Magome, Ota-ku
  [Mula sa Sanno Exit ng Omori Station, sumakay ng bus papuntang Ebara-machi Station Entrance at bumaba sa "Usuda-Sakashita" (5 minutong paglalakad)]
- Magome Branch Office
  ☎ 03-3774-3301　FAX 03-3774-4997
  E-mail：magome@city.ota.tokyo.jp

### Ika-14 na 21st Century Sakura Festival

Isa itong kaganapan kung saan ang iba't ibang grupo, tulad ng neighborhood association / town association, lokal na mga negosyo, at mga kaugnay na organisasyon ay nagtutulungan upang palalimin ang ugnayan at pasiglahin ang komunidad. Nagpaplano kami ng maraming masasayang kaganapan na laging ikinatutuwa ng mga dumalo, tulad ng mga stage performance, event corner, flea market, snack bar atbp.

Mga pag-iingat

- Maaaring may mga paghihigpit sa pagpasok sa loob ng venue sa araw na iyon.
- Mangyaring iwasan na pumunta sa venue nang nakasakay ng kotse o bisikleta.

- Marso 23, 2025 (Linggo)　9:45 am – 3:00 pm
- Ota City Residents Plaza　3-1-3 Shimomaruko, Ota-ku
- Yaguchi Branch Office
  ☎ 03-3759-4686
  FAX 03-3759-1492
  E-mail：yaguti@city.ota.tokyo.jp

## ■Sundin natin ang mga patakaran sa pagtatapon ng basura

Naranasan mo na bang mamroblema tungkol sa paghihiwalay ng mga recyclable at mga basura mula sa iyong tahanan sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay? Sa pagkakataong ito, ipapakilala namin ang mga bagay kung saan madalas nagkakamali ang mga tao sa paghihiwalay ng basura.

### Una　Malalaking basura

Ang mga bagay na may pahabang sukat na mga 30 cm o higit pa ay mga malalaking basura. Malalaking basura rin ang mga na-disassemble at kumasya sa bag.

### Ikalawa　Pagkakaiba ng materyales

Ang paraan ng pagtatapon ng basura ay nag-iiba ayon sa uri ng materyales at porsyento na binubuo nito. Sundin ang pamamaraan ng pagtatapon ng materyal na may pinakamalaking porsyento. Ang Ota City ay gumawa ng "pamphlet sa dayuhang bersyon para sa paraan ng paghihiwalay at pagtatapon ng basura at mga recyclable" (sa 6 na wika: Ingles, Intsik, Koreano, Tagalog, Nepalese at Vietnamese). Mangyaring sumangguni sa pamphlet para sa paraan ng paghihiwalay at pagtatapon ng basura at mga recyclable na hindi nakasaad sa itaas.

Sanitation Division

☎ 03-5744-1628　FAX 03-5744-1550

E-mail：kan-seso@city.ota.tokyo.jp




©Ota City

## ■Fiscal Year 2025 Rabies Prevention Periodical Group Injection

Itinakda ng batas bilang obligasyon ng mga may alagang aso ang pagsailalim ng alagang aso sa bakuna sa rabies nang 1 beses kada taon, at pagpapasuot sa aso ng vaccination tag na inisyu ng Ota City. Sa Ota City, ribbon-type ang ginagamit na vaccination tag. Gaganapin ang periodical group injection kung saan sabay na magagawa ang bakuna sa rabies at pag-isyu ng vaccination tag.

Ribbon-type na vaccination tag



10 araw mula Abril 12 (Sabado) hanggang Abril 21 (Lunes), 2025

Mga animal hospital na itinalaga ng Ota City (mga itinagalang animal hospital. Mangyaring tingnan ang website.)

3,750 yen

Breakdown ng bayarin: Singil para sa bakuna sa rabies - 3,200 yen; singil para sa pag-isyu ng vaccination tag - 550 yen

Para kanino: Mga may alagang aso sa loob ng Ota City

Mangyaring dalhin ang iyong aso at pumunta sa mga itinalagang animal hospital sa loob ng panahon ng pagsasagawa ng bakuna.

Hindi kailangan

Sanitation and Public Health Division

☎ 03-5764-0670　FAX 03-5764-0711





©Ota City

## ■ Katsu Kaishu Memorial Museum Planned Exhibition Mahal na Rintaro – Liham mula kay Okada Shingotaro –

Si Okada Shingotaro ay isang kaibigan ni Katsu Kaishu na kasabay niyang nagsumikap na mag-aral, ngunit maagang pumanaw. Sa exhibition na ito, ipapakita ang hindi pa nalalamang pakikipag-ugnayan nila gamit ang mga natuklasang bagong materyales.

Marso 14 (Biyernes) – Hulyo 6 (Linggo), 2025
Oras na bukas ang museum  10:00 am – 6:00 pm
*Sarado tuwing Lunes (sarado sa susunod na araw kung ang Lunes ay isang pista opisyal)
*Mangyaring tingnan ang website ng Ota City para sa mga pinakabagong impormasyon.

Katsu Kaishu Memorial Museum
2-3-1 Minami-Senzoku, Ota-ku

Bayad sa pagpasok  Pangkalahatan: 300 yen; elementary at junior high school: 100 yen (may iba't-ibang discount)

☎ 03-6425-7608  FAX 03-6425-7610

## ■ Naghahanap kami ng Global City Ota Ambassador (Cool OTA-KU Ambassador).



©Ota City

Ang Ota City ay naghahanap ng "Global City Ota Ambassador (Cool OTA-KU Ambassador)" na magpapalaganap ng halina at impormasyon ng Ota City. Sa pamamagitan ng mga aktibidad, magkakaroon ng pagkakataong malaman ang higit pa tungkol sa Ota City, at maraming makikilala. Nais mo rin bang maging aktibo sa Ota City? Inaasahan namin ang iyong aplikasyon.

●Papel na gagampanan ng Global City Ota Ambassador (Cool OTA-KU Ambassador):

(1) Gamit ang SNS, personal na koneksyon, atbp., ipapalaganap ang halina ng Ota City, mga proyekto para sa international exchange at multiculturalism, atbp.

(2) Lalahok sa mga kaganapan, atbp. na isinasagawa ng Ota City, atbp., at makikisalamuha sa mga residente

●Termino ng panunungkulan: Hulyo 2025 – Hunyo 2027 (Balak)

Makipag-ugnayan para sa mga detalye.

Para kanino Dayuhang nasyonal na 18 taong gulang o higit pa, at may kaugnayan sa Ota City, tulad ng naninirahan, nagtatrabaho, o nag-aaral sa Ota City

Kailangang matanggap bago ang 5:00 pm ng Abril 7, 2025 (Lunes)

Mag-apply sa pamamagitan ng personal na pagdala ng application form, pagpapadala sa koreo, FAX, o e-mail

Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-0052  Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota) Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku
☎ 03-5744-1227  FAX 03-5744-1323
E-mail：boshu-kokusai@city.ota.tokyo.jp



···· Kailan  ···· Magkano  ···· Ilang tao  ···· Saan  ···· Paano mag-apply  ···· Mag-apply sa  ···· Makipag-ugnay sa

# Gawing mas maginhawa at ligtas ang paggamit ng bisikleta!

## ■Ota City Community Cycle Project

Ang Ota City Community Cycle ay isang bicycle sharing service na may bayad. Maaaring magrenta at magsauli ng bisikleta kahit saan sa mga cycle port (paradahan ng mga bisikleta) ng docomo Bike Share na nasa sa loob ng Tokyo Metropolis. Mayroong humigit-kumulang 150 cycle port sa Ota City. (Kailangang i-download ang app para gamitin ang serbisyo.)




©Ota City

Mangyaring tingnan ang mga detalye sa app. https://docomo-cycle.jp/tokyo/

## ■Tungkol sa Pag-lock ng mga Bisikleta

Sa Ota City, itinakda ng ordinansa bilang obligasyon ang pagsasagawa ng mga hakbang para maiwasan ang nakawan sa pamamagitan ng pag-lock, atbp. ng bisikleta. Siguraduhing i-lock ang iyong bisikleta kung iiwan ito kahit sandali para hindi manakaw, kahit sa iyong tahanan o sa paradahan ng mga bisikleta. Mas epektibong gumamit ng two-lock na nakalagay sa 2 bahagi ng iyong bisikleta dahil mas mahirap manakaw ang iyong bisikleta. Protektahan ang iyong mahalagang bisikleta gamit ang two-lock.



©Ota City

## ■Tungkol sa Bicycle Navigation Marks at Navigation Lines

- Ang Ota City ay naglagay ng mga bicycle navigation marks at navigation lines sa mga kalsada sa lungsod.
- Ang mga ito ay matatagpuan sa kaliwang gilid ng kalsada at nagpapahiwatig ng mga lokasyon kung saan tatakbo ang mga bisikleta.
- Magpatakbo sa ibabaw ng marka sa direksyon ng arrow habang nagbibigay-daan sa iba pang bisikleta.
- Sa mga interseksyon na walang traffic light, sundin ang mga patakaran at kaugalian sa trapiko, tulad ng pansamantalang paghinto, pagkumpirma ng kaligtasan sa kaliwa at kanan, atbp.
- Kapag lalampasan ang isang sasakyang nakaparada sa kalye, siguraduhing kumpirmahin ang kaligtasan mula sa iyong likuran.



Navigation mark　Navigation line

Pinagmulan ng impormasyon: Website ng Metropolitan Police Department

Urban Infrastructure Development Management Division
☎ 03-5744-1315　FAX 03-5744-1527　E-mail：toshikan@city.ota.tokyo.jp

Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Zoshiki.

Inilathala　Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division

Address　〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku
Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)
☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323

▼ Impormasyon para sa mga dayuhan (131 wika ang sinusuportahan)

▼ Multilingual Consultation Desk

Possibleng makita ang back issue ▶